

Mga teknolohiyang pangkalusugan bibida sa NSTW 2018

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII

Muling ipagdiriwang ng Department of Science and Technology (DOST) ang taunang selebrasyon ng National Science and Technology Week (NSTW) sa 17-21 Hulyo 2018 na gaganapin sa World Trade Center sa lungsod ng Pasay.

Kaakibat ang temang "Science for the People: Innovation for Collective Prosperity," hatid ng NSTW ang iba't ibang teknolohiya at makabagong inobasyon sa tatlong sektor ng STI (science, technology, and innovation) gaya ng School, Workplace, at Home.

Pangungunahan ng DOST-Philippine Council for Health Research and Development (PCHRD) ang mga teknolohiyang tampok sa cluster ng "STI at Home" katulad ng Feasibility Analysis of Syndromic Surveillance using Spatio-Temporal Epidemiological Modeler o FASSSTER. Ito ay isang equipment para sa disease modeling at syndromic surveillance visualization ng dengue, typhoid fever, at tigas. Kasama rin nilang ipapakita ang Agapay, isang 3D printed na robot na maaaring isuot ng mga pasyenteng nagkaroon ng stroke o nagtamo ng pisikal na kapansanan

sundan sa pahina 2

Mga Nilalaman

NSTW 2018 General Program of Activity	p3
Food Security at sustainability, tinalakay sa DOST-FNRI seminar series	p3
LarawaNews	p4

Mga dapat abangan sa NSTW 2018

Ni Rosemarie C. Señora, DOST-STII



Kakaibang eksibit ang matutunghayan ng publiko sa isasagawang selebrasyon ng 2018 National Science and Technology Week (NSTW) sa darating na 17 hanggang 21 ng Hulyo 2018 sa World Trade Center (WTC) lungsod ng Pasay City sa pangunguna ni Department of Science and Technology o DOST Secretary Fortunato T. de la Peña

Ang gaganaping NSTW ngayong taon, na may temang "Science for the People: Innovation for Collective Prosperity" ay naglalayong ibida kung paano ang STI o agham (science), teknolohiya (technology) at inobasyon (innovation) ay nakatutulong sa pag-unlad ng ating bansa.

Tila isang komunidad ang bubuun upang ipakita ang iba't ibang teknolohiya na pinangunahan ng DOST at ng mga ahensya nito. Makikita sa eksibit ang tatlong bahagi ng maunlad na komunidad na may pamagat na "STI at Home," "STI in School," at "STI in Workplace".

May mga premyo at regalo rin na naghihintay sa publiko na dadalo sa naturang pagdiriwang.

Bukod sa eksibit, may mga forum din na isasagawa ang iba't ibang ahensya ng DOST sa Mezzanine area ng WTC, kabilang na ang Small Enterprise Technology Upgrading Program (SETUP) forum at Community Empowerment through Science and Technology (CEST) forum

sundan sa pahina 2

upang makatulong sa mas mabilis na proseso ng rehabilitasyon.

Bukod pa rito, kasama rin nilang ibabahagi ang programa sa Omic Technologies for Health na naglalayong magamit ang 'Omic' technology platform sa pag-debelop ng mga lokal na teknolohiya sa paggawa ng mga personalized na gamot, diagnostic, at therapeutics. Ipapakita rin nila ang ReliefVent, abot-kaya at epektibong intensive care unit (ICU) ventilator na maaaring magamit ng bata at ng matanda.

Kasama rin sa listahan ng mga teknolohiyang pangkalusugan ang Biotek-M, isang murang confirmatory test kit para sa dengue na nagtamo ng gintong medalya sa ginanap na 46th International Exhibition of Inventions sa Geneva. Itatampok din ng DOST-PCHRD ang programang Tuklas Lunas Center na naglalayong makapag-debelop ng mga ligtas, epektibo, at standardized na drug candidate.

Maliban sa mga nabanggit na teknolohiya, ipapakita rin sa "STI at Home" cluster ang iba't ibang serbisyo at inobasyon mula sa DOST-Philippine Textile Research Institute (PTRI), DOST-Forest Products Research and Development Institute (FPRDI), DOST-Food and Nutrition Research Institute (FNRI), DOST-Philippine Nuclear Research Institute (PNRI), DOST-Philippine Council for Agriculture, Aquatic and Natural Resources Research and Development (PCAARRD), DOST-Science and Technology Information Institute (STII), mga DOST regional office, gayundin ang galing sa pribadong sektor gaya ng Design Center of the Philippines (DCP) at De La Salle University (DLSU).

ARISTOTLE P. CARANDANG, PhD
Editor-in-Chief

JASMIN JOYCE P. SEVILLA
Managing Editor

JAMES B. INTIA
Layout Artist

ALLAN MAURO V. MARFAL
RODOLFO P. DE GUZMAN
Proofreaders


ALLAN MAURO V. MARFAL
Circulation

Ang Balitang RapiDOST ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa balitangrapidost@gmail.com o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.

"Our cluster will showcase the applications of STI in various parts of the home: living room, bed room, kitchen, dining room, comfort room, study room, and garden. We want to emphasize how science can help our people starting from the corners of their home," paliwanag ni Dr. Jaime Montoya, executive director ng DOST-PCHRD.

Dagdag pa rito, ilan sa mga aktibidad na hatid ng "STI at Home" cluster ay mga interactive game, raffle, massage, nutrition counseling, cooking demonstration, at photobooth. Para sa karagdagang impormasyon, maaaring bisitahin ang website ng NSTW www.nstw.dost.gov.ph. **(Impormasyon mula kay Ladylove Mae B. Baurile, DOST-PCHRD).**



Ang Biotek-M Dengue Aqua Kit ay isa lamang sa mga teknolohiyang pangkalusugan na tampok ng DOST-PCHRD para sa NSTW 2018. **(Larawan mula sa www.dost.gov.ph)**

2018 NSTW...

Mula sa pahina 1

na isasagawa naman sa main stage ng WTC. Mayroon ding film showing, scientific career talks, science journalism writeshop at iba pa na maaaring daluhan.

Ang NSTW ay ipinagdiriwang tuwing ikatlong linggo ng Hulyo kada taon sa bisa ng Proklamasyon Blg. 169, taong 1993. Layunin nitong kilalanin ang kontribusyon ng agham at teknolohiya sa pag-unlad ng bansa

at makakuha ng suporta mula sa publiko at pribadong institusyon para sa patuloy na pag-unlad nito.

Matapos ang naturang pagdiriwang sa WTC, magsasagawa rin ang iba't ibang rehiyon ng sarili nitong mga science and technology fair na tatagal hanggang Disyembre.

Para sa kumpletong detalye, magtungo lamang sa www.nstw.dost.gov.ph.

in celebration of the

 **National Science and Technology Week**

science for the people 2018

Innovation for Collective Prosperity

World Trade Center, Pasay City

17-21 July 2018

General Program of Activities

TIME	TITLE OF ACTIVITY	VENUE AND ADDRESS
17 July		
8:00 AM - 11:00 AM	Opening Ceremony	Main Stage, World Trade Center, Pasay City
17-21 July		
9:00 AM - 6:00 PM	Viewing of Exhibits	World Trade Center, Pasay City
9:00 AM - 11:00 AM	DOST Hybrid Electric Train Demo Run	Dela Rosa to EDSA & vice versa
18 July		
8:00 AM - 5:00 AM	#ScienceJournoAko: Communicating S&T Innovation	Function Room 4, World Trade Center, Pasay City
8:00 AM - 5:00 PM	UPSTART: Upgrading Science and Technology Research Trends	Meeting Room 1, Philippine International Convention Center, Pasay City
9:00 AM - 11:00 AM	Transport Program: Hybrid Electric Train (HET)	Function Room 3, World Trade Center, Pasay
9:00 AM - 12:00 NN	Bringing Research to Market: A Mixer for Researchers and Industry	Function Room 2, World Trade Center, Pasay City
9:00 AM - 5:00 PM	Harnessing STI Towards Industry 4.0	Main Stage, World Trade Center, Pasay City
9:00 AM - 5:00 PM	Regional Forum on Strategies to Enhance Innovation and Management Capacities of Startups and SMEs	Main Stage, World Trade Center, Pasay City
1:00 PM - 3:00 PM	DOST-MIRDC Facilities in Support of the Metals and Engineering Industries	Function Room 3, World Trade Center, Pasay City
1:00 PM - 3:00 PM	IP Kayumanggi: A New Input for the Sustainability of the Duck Egg Industry	Function Room 2, World Trade Center, Pasay City
2:00 PM	In Touch With Excellence	Meeting Room 1, Philippine International Convention Center, Pasay City
3:00 PM - 5:00 PM	Are We Ready for the Food Safety Regime? Evidence for the Commodity Supply Chain Stakeholders	Function Room 2, World Trade Center, Pasay City
4:00 PM - 5:00 PM	When the Blue Sea Turns Red	Function Room 2, World Trade Center, Pasay City
18-19 July		
9:00 AM - 5:00 PM	Part I: Industry 4.0: Are we there yet?	Main Stage, World Trade Center, Pasay City
	Part II: Innovation Ecosystem: Setting the Stage	Main Stage, World Trade Center, Pasay City
	Part III: Leading the Way	Main Stage, World Trade Center, Pasay City
	Science and Technology at Work in Philippine Business Industry	Main Stage, World Trade Center, Pasay City
	Part IV: Awarding of Best SETUP Adoptor	Main Stage, World Trade Center, Pasay City
	Synthesis and Open Forum	Main Stage, World Trade Center, Pasay City
19 July		
8:00 AM - 9:00 AM	Biological-based Approaches for Cacao Pest Management	Function Room 2, World Trade Center, Pasay City
8:00 AM - 5:00 PM	Forum on Waste Management to Inclusive Circular Economy	Function Room 3, World Trade Center, Pasay City
10:00 AM - 11:00 AM	Carrageenan Technology on Mungbean Production	Function Room 2, World Trade Center, Pasay City
10:00 PM - 12:00 NN	SARAI SEAMS and SPid for Smart Agriculture	Function Room 2, World Trade Center, Pasay City
1:00 PM - 3:00 PM	Greenhouse-Type Solar Dryer for Quality Coffee Beans	Function Room 2, World Trade Center, Pasay City
2:00 PM - 4:00 PM	Signing of Memorandum of Understanding Between Panay Railways Inc., Philtrak, Inc. and MIRDC	Main Stage, World Trade Center, Pasay City
3:00 PM - 5:00 PM	LAMP Kit for Shrimp Early Mortality Syndrome	Function Room 2, World Trade Center, Pasay City
20 July		
8:00 AM - 5:00 PM	Community Empowerment through Science and Technology (CEST) Summit	Main Stage, World Trade Center, Pasay City
1:00 PM - 5:00 PM	Women Inspiring Women	Philippine International Convention Center, Pasay City
21 July		
9:30 AM	The Fusion of Science and Art (Museum Stewardship)	Function Room 1, World Trade Center, Pasay City
9:45 AM	The Fusion of Science and Arts (Natural History)	Function Room 1, World Trade Center, Pasay City
10:00 AM	The Fusion of Science and Arts (Resilient Filipino Music at the Margins)	Function Room 1, World Trade Center, Pasay City
10:45 AM	The Fusion of Science and Arts (Resilient Filipino Dances at the Margins)	Function Room 1, World Trade Center, Pasay City

for more details, please visit

www.nstw.dost.gov.ph

Food security at sustainability, tinalakay sa DOST-FNRI seminar series

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*

Pinangunahan ng Department of Science and Technology-Food and Nutrition Research Institute (DOST-FNRI) ang 44th FNRI Seminar Series on Nutrition Researches and S&T Activities na ginanap noong 4-6 Hulyo 2018 sa Century Park Hotel Manila.

Ang taunang Seminar Series ay may temang "Generating Sustainable Food Resources for Food Security, Optimum Nutrition and Wellness Growth (GROW)" na naglalayong mapagtuunan nang pansin ang food security at food sustainability sa bansa.

"More than 850 million people worldwide are food insecure, which means that majority of our population does not have access to adequate, accessible, and nutritious food," ani Dr. Mario V. Capanzana, direktor ng DOST-FNRI. Dagdag pa niya, malaki rin ang maitutulong ng iba't ibang sektor kagaya ng agrikultura upang makatulong sa pag-angat sa estado ng food security at sustainability.

Ayon din kay Dr. Capanzana, marami silang inihanda para sa Seminar Series ngayong taon. Isa na rito ang electronic R&D (research and development) poster viewing. "We also want the public to have a better appreciation of S&T so we organized our TED Talks Conferences," aniya.

Kasama rin si DOST Secretary Fortunato T. de la Peña sa Seminar Series kung saan kaniyang pinuri, hindi lamang ang mga bisita at kalahok sa naturang seminar, pati na rin ang mga dumalong alkalde mula sa mga piling probinsya



Binisita ni DOST Sec. Fortunato T. de la Peña (ikalawa mula sa kanan), kasama ni DOST Undersecretary for Research and Development Rowena Cristina L. Guevara (kanan) at DOST-FNRI Director Dr. Mario V. Capanzana (ikatlo mula sa kanan) ang isa sa mga exhibit sa ginanap na 44th Seminar Series on Food and Nutrition Researches and S&T Activities.

sa buong bansa. Ayon sa kaniya, isa itong magandang oportunidad upang mapalawig ang implementasyon ng mga polisiya patungkol sa food security at sustainability sa kani-kanilang mga lugar. "I'd like to challenge [DOST] FNRI to transfer this know-how to other places," wika ni Sec. de la Peña.

Sa pagtatapos ng unang araw ng seminar, nagkaroon ng isang talk show na pinamagatang "Gulayan for Every Juan" na pinangunahan ni Maria Mercedes "Chi-chi" Fajardo-Robles mula sa Radio Veritas. Pinagusapan ng mga imbitadong resource person ang mga isyu

ng food security at food sustainability mula sa kani-kanilang sektor. Ibinahagi rin nila ang iba't ibang small scale food production model katulad ng paghahalaman sa urban at rural setting sa paaralan, sa komunidad, at sa tahanan upang makatulong na mapababa ang malnutrisyon at maiangat ang estado ng kanilang pamumuhay sa pamamagitan ng mga sustainable food system.

Sa mga sumunod na araw, nagkaroon ng mga technical at interactive session tungkol sa "Science Innovation in Food and Nutrition" at "Technology Innovation in Food and Nutrition."

LarawaNEWS

Magsasagawa ang Department of Science and Technology-Science and Technology Information Institute (DOST-STII) ng science journalism writeshop na may temang "#ScienceJournoAko: Communicating S&T Innovation" sa darating na ika-18 ng Hulyo 2018 sa World Trade Center sa lungsod ng Pasay City. Ang writeshop ay idaraos kasabay ng taunang National Science and Technology Week (NSTW) na gaganapin mula ika-17 hanggang ika-21 ng Hulyo at dadaluhan ng mga piling 3rd year at 4th year college communication students mula sa iba't ibang kolehiyo at unibersidad sa bansa. Layunin nitong talakayin ang mahalagang papel ng journalism o pamamahayag sa siyensya at maipaalam sa publiko ang iba't ibang benepisyo ng mga makabagong pag-aaral, produkto, at serbisyo sa larangan ng siyensya at teknolohiya. Ilan sa mga kilalang science journalists mula sa print at online media ang magbabahagi ng kanilang kaalaman at karanasan para mas mahasa pa ang mga estudyante sa pagsusulat tungkol sa siyensya. Magkakaroon din ng presentasyon mula sa isang subject matter expert, question and answer (Q&A), science news writing activity, at critiquing session sa ibang bahagi ng writeshop. (Teksto ni Laurence M. San Pedro, DOST-STII. Larawan mula sa Science Journo Ako Facebook Page).

